

# Budget 2024: Mga Pangunahing Hakbang

## Mga Pangunahing Hakbang sa Budget 2024: Katarungan para sa Bawat Henerasyon

### Mas Maraming mga Abot-kayang Tahanan

- Isang bagong *Public Lands for Homes Plan* para magamit ang lahat ng tools na available para makapagtayo sa mga pampublikong lupain ng 250,000 bagong tahanan hanggang sa 2031. Kabilang dito ang mga lupain ng Canada Post, lupain ng National Defence, at mga office building.
- Mas mabilis na pagtayo ng mas maraming mga rental apartment, sa tulong ng karagdagang \$15 bilyong bagong loan funding para sa Apartment Construction Loan Program; sa gayon ay magkakaroon hanggang sa 2031-32 ng mahigit sa 131,000 bagong tahanan sa kabuuan, na suportado ng programa.
- Paglunsad ng Canada Builds, isang paraan ng Team Canada para magtayo ng mga abot-kayang tahanan para sa middle class sa mga underutilized na lupain sa buong bansa. Pinagsasama ng Canada Builds ang pederal na low-cost loans at ang provincial at territorial investments nang dagdagan ang construction ng mga tahananang mauupahan.
- Paglaan ng karagdagang \$400 milyong sa \$4 bilyong Housing Accelerator Fund, na nagpapabilis na sa pagtayo ng mahigit sa 750,000 bagong tahanan sa darating na dekada, salamat sa 179 pakikipagkasunduang ginawa sa mga municipality, mga province, at mga territory.
- Paglunsad ng isang bagong \$1.5 bilyong Canada Rental Protection Fund para protektahan at palakihin ang dami ng abot-kayang pamamahay sa Canada.
- Paglaan ng \$1 bilyon para sa Affordable Housing Fund para magtayo ng mga abot-kayang tahanan at maglunsad ng isang permanenteng Rapid Housing Stream gamit ang matagumpay na naunang tatlong Rapid Housing Initiative.
- Pamumuhunan ng karagdagang \$1.3 bilyon para sa *Reaching Home: Canada's Homelessness Strategy* para tugunan ang homelessness at ang encampments.
- Pagpapabilis sa pagtayo at pag-upgrade ng imprastruktura na nagtataguyod sa pamamahay sa pamamagitan ng paglaan ng \$6 bilyon sa darating na 10 taon sa pamamagitan ng isang bagong Canada Housing Infrastructure Fund.
- Gawing mas mabilis ang proseso ng pagkilala sa foreign credentials sa sektor ng construction at paglikha ng mas maraming mga pagkakataong mag-train para tulungan ang skilled trades workers na magtayo ng mas maraming mga tahanan.
- Pagkilos para bawasan ang problema ng pamamahay sa mga Indigenous na komunidad sa pamamagitan ng pag-anunsyo ng \$918 milyon para sa darating na limang taon bilang mga karagdagang pamumuhunan para sa imprastruktura ng pamamahay at komunidad ng First Nations, Inuit at Métis.
- Pagbigay ng insentibo sa mga institusyong pang-edukasyon sa Canada na magtayo ng mas maraming student housing sa pamamagitan ng pagsigurado na magbebenepisyo sila sa pagtanggap ng GST sa mga bagong residence ng mga estudyante.
- Pagpapalawak sa Home Buyers' Plan sa pamamagitan ng pagtaas ng kasalukuyang withdrawal limit na \$35,000, na siyang magiging \$60,000, nang mapahintulutan ang mga táong unang beses pa lamang bibili ng tahanan na samantalain ang tax benefits ng isang RRSP para mas mabilis silang makakaipon ng dagdag na halaga na hanggang \$25,000 para sa kanilang downpayment.
- Pagbigay-daan sa mga mas maraming mas batang Canadians na makakuha ng mortgage na kaya nilang bayaran sa pamamagitan ng pagpapalakas sa Canadian Mortgage Charter para

pahintulutan nito ang 30-year amortizations para sa first-time home buyers na bumibili ng mga tahanan bagong-tayo.

- Pagdibelop ng isang bagong Canadian Renters' Bill of Rights sa provinces at territories para masigurado na ang pag-upa ng isang tahanan ay makatarungan, bukás, at transparent.

## **Gagawing Mas Mababa ang mga Pang-araw-araw na Gastos**

- Pamumuhunan para makatulong na maglaan ng mas maraming child care spaces para palakihin ang early learning at child care system sa Canada at nang makapaglaan ng \$10-bawat-araw na child care.
- Paglunsad ng isang bagong Canada Disability Benefit bilang suplemento sa provincial at territorial benefits para pahasayin ang pinansyal na kabutihan ng mahigit sa 600,000 táong may kapansanan na nagtrabaho.
- Paglikha ng isang bagong National School Food Program para palawakin ang kasalukuyang provincial at territorial school food programs para magbigay ng mga masusustansiyang pagkain sa karagdagang 400,000 bata bawat taon.
- Paggawa ng mga unang hakbang patungo sa paglunsad ng isang pambansang pharmacare program; sisiguraduhin nito na ang gastos para sa karamihan ng de-resetang contraceptives at maraming mga gamot para sa diyabetis ay hindi magiging hadlang para bilhin sila.
- Patuloy na pagbigay-tulong para mabawasan ang gastos ng bilingin sa mga grocery sa pamamagitan ng pagtatag ng mga hakbang para palakasin ang kompetisyon sa grocery sector, subaybayan ang mga ginagawa ng mga may-ari ng grocery nang panatilihin ang mga presyo, labanan ang shrinkflation nang panatilihin ang size ng mga pagkain, at panatilihin mga kalidad na inaasahan ng Canadians.
- Malaking progreso sa pag-crackdown sa karagdagang fees, tulad ng non-sufficient funds fees ng mga bangko, at pagbuti sa price transparency para sa mga opsyonal na service fees na sinisingil ng mga airline, nang matulungan ang middle class Canadians na bawasan ang kanilang mga gastos.
- Pagbago sa *Telecommunications Act* nang mas mapahintulutan ang Canadians na i-renew, lumipat, o kanselahin ang home internet, home phone, at cell phone plans habang iniwasan ang mga hindi kinakailangang fees.
- Pagdagdag sa libre at abot-kayang mga opsyon para sa mga bank account, at pagtakda sa hanggang \$10 ang non-sufficient funds fees na sinisingil ng mga bangko.
- Pagsulong sa kakayahan ng Canadians na magkaroon ng karapatang ayusin nang sarili ang mga bagay, nang maayos ng Canadians ang kanilang sariling siráng appliances o devices—sa isang makatarungang presyo.
- Pagdagdag ng \$62.9 milyon sa Local Food Infrastructure Fund sa darating na tatlong taon nang masuportahan ang mga organisasyon sa mga komunidad sa buong Canada na mamuhunan sa local food infrastructure, habang nagbibigay ng prioridad sa mga Indigenous at Black na komunidad, at sa mga grupong dapat lamang tratuhin nang pantay sa iba.

## **Paglago ng Ekonomiya para sa Bawat Henerasyon**

- Pagpapanatili sa pagiging malakas ng Canada sa artificial intelligence sa pamamagitan ng pamumuhunan ng \$2 bilyon para maglunsad ng isang bagong AI Compute Access Fund and Canadian Sovereign Compute Strategy para tulungan ang Canadian researchers, start-ups, at

scale-up na mga kalakalan na makuha ang computational na lakas na kanilang kinakailangan para makipagkompetisyon sa iba.

- Pansamantalang pagpapahintulot sa mga kalakalan na i-write off kaagad ang buong ginastos ng mga pamumuhunan sa patents, data network infrastructure equipment, computers, at iba pang data processing equipment para tulungan silang mapahusay ang kanilang productivity at para makapagkompetensiya sila sa ekonomiya ng kinabukasan.
- Pagdagdag ng suporta para sa student at postgraduate researchers, kabilang na sa Indigenous researchers at sa kanilang mga komunidad, sa pamamagitan ng pagdagdag sa core research grant funding at sa scholarships at fellowships.
- Pagdagdag ng access para sa susunod na henerasyon ng mga First Nations na estudyante sa unibersidad, kolehiyo, at post-secondary, sa tulong ng \$242.7 milyong pamumuhunan para sa darating na tatlong taon.
- Paglunsad ng isang \$5 bilyong Indigenous Loan Guarantee Program para mabigyan ng access sa pera ang mga Indigenous na komunidad, nang magbenepisyo rin sila sa natural resource at energy projects sa kanilang mga territory, ayon sa kanilang sariling mga kagustuhan.
- Paghatid ng \$93 bilyong mahahalagang economic investment tax credits, batay sa priyoridad, nang maitulak ang clean growth, maitatag ang kinabukasan ng mga Canadian na kalakalan sa Canada, at lumikha ng mahuhusay na trabaho para sa mga darating na henerasyon.
- Isang bagong 10 porsiyentong Electric Vehicle Supply Chain investment tax credit para sa pagtayo ng mga gusali, para sa mga kalakalan na namumuhunan sa mga pangunahing segment ng electric vehicle supply chain.
- Pagsuporta sa clean fuels projects sa pamamagitan ng pag-retool sa Clean Fuels Fund para maghatid ng mas mabilis na funding, at pagdagdag ng karagdagang apat na taon sa Fund, hanggang sa 2029-30.